

## **Papel na Naglalaman ng Impormasyon Tungkol sa Mapa ng Panganib nang dahil sa Pagbaha na Dulot ng 100-Taong Bagyo (100-Year Flood Risk Map Information Sheet) at mga Madalas na Itanong**

### **PANGKALAHATANG IMPORMASYON**

---

Upang makakuha ng mas mahusay na pagkaunawa tungkol sa panganib ng baha mula sa runoff (tubig sa kalye) ng bagyo sa Lungsod at County ng San Francisco, bumuo ang Komisyon sa mga Pamublikong Serbisyo ng San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC) ng Mapa ng Panganib nang dahil sa Pagbaha na Dulot ng 100-Taong Bagyo (Mapa ng Baha o Flood Map). Kasangkapang pang-impormasyon ang Mapa ng Bagyo na naglalarawan ng pagbaha mula sa runoff o pag-agos ng bagyo kapag nagkaroon ng 100-taong bagyo.

Ginagamit ang katawagang "100-taong bagyo" ng mga climatologist (eksperto sa klima), hydrologist (eksperto sa tubig), at civil engineer (inhinyero para sa paggawa ng mga daan, tulay, dam at iba pa) upang madaling maintindihan ang depinisyon ng matinding bagyo, na ayon sa mga estatistika ay may 1% panganib na mangyari sa anumang natukoy na taon. Posibleng mas mababa ang estatistikong tsansa na mangyari ang 100-taong bagyo kaysa sa pangkaraniwang bagyo, pero puwedeng mangyari ang mga ito, at talagang nangyayari, at kung minsan, nang ilang taon lamang ang pagitan sa isa't isa.

Inilalarawan ng Mapa ng Bagyo ang Mga Sona kung saan may Panganib ng Pagbaha nang dahil sa 100-Taong Pagbaha na Dulot ng Bagyo o 100-Year Storm Flood Risk Zones (Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha o Flood Risk Zones). Malamang na makaranas ang mga parsela ng lupa, na nasa loob ng Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha, ng "malalim at magkakalapit" na pagbaha kapag nagkaroon ng 100-taong bagyo. Ang ibig sabihin ng "malalim at magkakalapit na pagbaha," hindi bababa sa anim na pulgada (inches) ang lalim ng baha, at sumasaklaw ito sa lugar na hindi bababa sa kalahati ng pangkaraniwang bloke ng Lungsod.

### **LAYUNIN**

---

Layunin ng Mapa ng Bagyo na ipagbigay-alam sa mga may-ari ng lupa at gusali, sa kasalukuyan at sa hinaharap, ang tungkol sa panganib ng baha sa kanilang ari-arian. Dahil sa impormasyong ito, makagagawa ang may-ari ng mga hakbang upang maprotektahan ang ari-arian laban sa panganib ng baha ng tubig-bagyo. Nagtataguyod din ito ng malinaw na proseso para sa pag-alam at pagsisiwalat ng panganib ng baha sa panahon ng pagbebenta, at para sa mga bagong pag-upa, sa paraan na naaayon sa kasalukuyang batas ng Estado na nagtatakda sa nagbebenta at nagpapaupa na isiwalat ang mga likas na panganib, kabilang na ang panganib ng baha.

Itataguyod ng Lungsod ang pagkakaroon ng batas na magtatakda sa nagbebenta o nagpapaupa ng ari-arian na isiwalat sa bibili o uupa na nasa loob ng Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha ang ari-arian.

## MGA MADALAS NA ITANONG

---

### **Paano binuo ng SFPUC ang Mapa ng Bagyo?**

Upang ilarawan ang mga hangganan ng mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha, ang mga tauhan ng SFPUC ay:

- Gumamit ng hydrologic at hydraulic computer model (simplikasyon ng sistema sa tunay na buhay ng tubig sa lupa, wetland, at iba pa) upang gayahin ang pagbahang mangyayari sa buong Lungsod kapag nagkaroon ng 100-taong bagyo. Gumagamit ang makabagong computer model na ito ng impormasyon tungkol sa sistema ng pagtitipon ng imburnal ng SFPC (mga paagusan, tubo, estasyon para sa pagbobomba o pumping station. at iba pang imprastruktura), topograpiya, at gusali upang imapa kung saan maaasahang mapunta ang tubig sa ibabaw ng lupa at/o pagbaha sa mga bagyong magkakaiba ang lakas. Gumagamit ang Lungsod ng ganito ring modelo sa pagpapalano ng mga kapital na proyekto para sa imprastruktura.
- Magtakda ng mga hangganan sa paligid ng mga parsela ng lupa at ari-arian ng ito na apektado ng “malalim at magkakalapit” na pagbaha, gaya ng nabigyan na ng depinisyon sa itaas (kung baga, “Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha”).

Nagpapakita ang mapa ng panganib ng pagbaha na mula sa runoff lamang ng bagyo. Hindi ito nagpapakita ng panganib ng pagbaha mula sa San Francisco Bay o Dagat Pasipiko, kabilang na ang mga epekto ng pag-apaw mula sa pagtaas ng dagat sa hinaharap. Hindi nagpapakita ang mapa ng eksaktong lalim ng pagbaha sa anumang natukoy na lokasyon. Dapat malaman ng mga may-ari at iba pang gumagamit ng mapa na ang mga lugar sa labas ng Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha na ipinakilala sa Mapa ng Pagbaha ay posibleng makaranas ng mas mababaw o mas lokal na pagbaha kapag nagkaroon ng 100-taong bagyo, o pagbaha sa mga bagyong mas malaki kaysa isang 100-taong bagyo.

### **Aling mga ari-arian ang kasama sa Mga Sona ng 100-Taong Pagbaha na Dulot ng Bagyo?**

May 2,140 parsela sa Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha sa Mapa ng Pagbaha (kumakatawan ang bilang na ito sa 1% ng mga parsela sa buong Lungsod). Mga parcelang pantahanan ang humigit-kumulang sa kalahati ng mga ito, habang ang natitira ay kombinasyon ng pangkomersiyo, pang-industriya, at pampublikong parsela. Nakatayo ang marami sa ari-arian sa Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha sa kahabaan ng mga makasaysayang daanan ng tubig na dating mga sapa (creeks) o latian (wetlands).

### **Bakit kailangan kong malaman kung posibleng bahain ang aking ari-arian kapag bumagyo, kung 1% lamang ang panganib na mangyari ito sa anumang natukoy na taon?**

Bagamat hindi pangkaraniwang pangyayari ang 100-taong bagyo, nangyari na ito sa mga partikular na komunidad sa San Francisco nitong nakaraang dekada.

### **Ano-ano ang mga posibleng epekto ng pagbaha sa mga ari-ariang matatagpuan sa Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha?**

Nagpapakita ang Mapa ng Pagbaha ng mga parsela na malamang na makararas ng hindi bababa sa anim na pulgada ng pagbaha. May ilang parsela sa loob ng Mga Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha na posibleng makararas ng anim na pulgadang pagbaha kapag nagkaroon ng 100-taong bagyo. Posibleng mangyari ang antas na ito ng pagbaha kahit saan sa kalye at/o bangketa sa mga lugar na ipinakikita sa mapang ito. Depende sa mga katangian ng ari-arian ang magiging epekto ng naturang pagbaha sa ari-arian. Halimbawa, kung may mga baitang ang gusali patungo sa pinto, posibleng hindi pumasok ang tubig sa gusali sa pamamagitan ng pintong iyon, pero posibleng makapasok ang tubig sa gusali sa pamamagitan ng mga bitak, garahe, o sistema ng imburnal na pangkalinisan kung walang panghadlang sa pabalik na daloy. Posibleng makapagpapasok ang pintong kapantay ng kalye ng maraming tubig sa loob ng bahay.

### **Puwede ba akong bumili ng seguro sa baha (flood insurance) para sa aking ari-arian?**

Oo. Lumalahok ang San Francisco sa Pambansang Programa sa Seguro sa Baha (National Flood Insurance Program, NFIP), na pinangangasiwaan ng Pederal na Ahensiya sa Pamamahala ng mga Emergency (Federal Emergency Management Agency, FEMA). Nagkakaloob ang programa ng seguro sa baha na may pederal na suporta at abot-kaya para sa mga may-ari ng bahay, nangungupahan, at negosyo sa lahat ng lugar ng San Francisco. Nagkakaloob ang seguro sa baha sa ilalim ng NFIP ng pagsaklaw para sa pinsala sa baha sa mga gusali at nilalaman, at mabibili ito sa pamamagitan ng maraming pribadong kompanya ng seguro sa ari-arian at pinsala. Magmula pa noong 2017, ang mga taunang hulog sa NFIP para sa mga ari-ariang hindi kasama sa itinalaga ng FEMA na mga lugar ng baha ay nagsimula na sa \$40/taon para sa nangungupahan sa unang palapag na nagpapaseguro ng mga nilalaman, at \$127/taon para sa may-ari ng pantahananang ari-arian na may basement o silong na nagpapaseguro ng mga nilalaman at istruktura. Tulad sa anumang uri ng seguro, mahalagang malaman kung ano ang sinasaklaw at hind sinasaklaw ng polisiya. Kausapin ang inyong ahente ng seguro para sa mas espesipikong impormasyon. Makukuha ang iba pang impormasyon tungkol sa pagbili ng seguro sa baha sa pahina sa web ng FEMA sa [fema.gov/national-flood-insurance-program](http://fema.gov/national-flood-insurance-program).

### **Ano ang kaugnayan ng Mapa ng Pagbaha ng Lungsod sa mga mapa ng FEMA?**

Nagpapakita ang mga mapa ng FEMA ng posibleng pagbaha mula sa mga lawa, ilog, look, at karagatan. Nagpapakita naman ang preliminaryong mapa nainihanda ng FEMA para sa San Francisco ng mga panganib na may kaugnayan sa San Francisco Bay at sa Dagat Pasipiko; hindi ito nagpapakita ng mga panganib ng baha na may kaugnayan sa runoff ng bagyo. Nagpapakita lamang ang Mapa ng Pagbaha ng SFPUC ng pagbaha mula sa runoff ng bagyo. Sa karamihan ng lugar, magkakahiwalay ang mga panganib ng baha na tinutukoy ng SFPUC at ng FEMA. May ilang lugar na malapit sa linyang baybayin ng San Francisco kung saan magkasalikop ang Mga Sona ng Pagbaha na Dulot ng 100-Taong Bagyo ng SFPUC sa mga lugar ng baha na itinalaga ng FEMA.

**Ano-anong hakbang ang magagawa ko upang mabawasan ang panganib ng baha sa aking ari-arian?**  
Bukod sa **pagbili ng seguro sa baha**, sinamantala na ng maraming residente ng San Francisco ang iba't ibang programa ng SFPUC upang matulungan silang maghanda at mas mahusay na maprotektahan ang kanilang ari-arian laban sa malalakas na pag-ulan, kasama na ang mga sumusunod:

- May mga partikular na ari-arian na posibleng karapat-dapat para sa SFPUC [Floodwater Grant Program \(Programa para sa Pinansiyal na Tulong Kaugnay ng Pagbaha\)](#), na nagbabayad sa may-ari ng lupa at gusali ng hanggang \$100,000 para sa proyektong panlaban sa baha. Para sa iba pang impormasyon at upang repasuhin ang mga pamantayan sa pagiging kuwalipikado, pakibisita ang [sfwater.org/floodwatergrant](http://sfwater.org/floodwatergrant).
- Repasuhin ang [Flood Preparedness brochure \(impormasyon tungkol sa Pagiging Handa sa Pagbaha\)](#) at tingnan ang [Floodwater Grant Program – brochure na Example Concepts \(mga Halimbawang Konsepto\)](#).
- Tumawag sa **311** upang iulat ang mga problemang tulad ng pagbaha, mga baradong bagsakan ng tubig (catch basin), mga daloy pabalik ng imburnal, at nawala sa lugar na mga takip ng manhole.
- Lumahok sa [Adopt-A-Drain SF](#), na nagtataguyod ng mga pagsisikap na palaging linisin ang mga dahon at labi mula sa tuktok ng mga grate ng bagsakan ng tubig, at nang makatulong na manatiling maluwag na dumadaloy ang tubig-bagyo.
- Subaybayang mabuti ang mga ulat ng panahon at itaas ang mga gamit sa garahe at anumang mababang lugar sa ari-arian kung nakatira sa lugar na bahain.

***Bisitahin ang aming pahina sa web para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga programang ito, at makukuha naman ang iba pang payo para sa paghahanda sa bagyo sa aming website:***  
[sfwater.org/RainReadySF](http://sfwater.org/RainReadySF).

**Nangungupahan at naninirahan ako sa Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha. May mga hakbang ba akong magagawa upang protektahan ang sarili laban sa pagbaha?**

Gaya ng nasabi na, makakukuha ng murang seguro ang mga nangungupahan at makatutulong ito para maprotektahan ang inyong mga personal na gamit. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa seguro sa baha para sa mga nangungupahan, bisitahin ang pahina sa web ng FEMA sa [fema.gov/national-flood-insurance-program](http://fema.gov/national-flood-insurance-program).

**Naniniwala ako na maling naisama ang aking ari-arian sa Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha. May proseso ba para repasuhin ang pagkakasama ng aking ari-arian sa Pinal na Mapa?**

Naitakda na ng SFPUC ang proseso ng pagrerepaso sa mga parsela ng lupa(parcel review process), kung saan gagawan ng pagtatasa ang mga parsela, at kung may katwiran, tatanggalin ang mga ito mula sa Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha ayon sa pagkakalarawan sa Mapa ng Pagbaha. Espesipiko ang prosesong ito sa mga parsela ng lupa, at hindi ipinatutupad sa mga bahagi ng parsela o istruktura/unit na nasa loob ng parseka. Gagawin ang prosesong ito ng may-ari ng parsela upang matanggal sa Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha at matanggal sa kanya ang kaugnay na itinatakhang pagsisiwalatng

impormasyon o disclosure. Hindi nangangahulugan ang pagkakatanggal sa parselang Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha na wala nang panganib ng pagbaha sa ari-arian.

Ang mga sumusunod ang pisikal na katangian o pamantayan na bumubuo ng batayan sa pagpapatanggal sa parselang lupa:

- Nasa ibabaw ng pagpapataas o elebasyon para sa pagbaha na bunga ng 100-taong bagyo ang mga pagpapataas mula sa lupa ng parselang
- inililihis ng mga hadlang (halimbawa, pader o solidong bakod) ang tubig-bagyo mula sa kabuuan ng parselang lupa, kung kaya't walang bahagi nito ang nasa loob ng sakop ng pagbaha bunga ng 100-taong bagyo.

Ang mga sumusunod naman ang proseso ng pagrerepaso at pagtatanggal sa parselang mula sa Sona Kung Saan May Panganib ng Pagbaha:

- Kokompletuhin at isusumite ng Aplikante (kung baga, ang may-ari ng lupa) ang Form para sa Paghiling ng Pagrerepaso sa Parsela (Parcel Review Request Form) sa SFPUC
- Rerepasuhin ng SFPUC ang mga katangian ng parselang at maglalabas ng pasya ng estado ng parselang
- Aabisuhan ng SFPC ang aplikante tungkol sa pasya ukol sa parselang
- Babaguhin ng SFPUC ang Mapa ng Panganib nang dahil sa Pagbaha na Dulot ng 100-Taong Bagyo, kung saan masasalaming na ang pasya

Pakibisita ang ([sfwater.org/floodmaps](http://sfwater.org/floodmaps)) para makakuha ng Mapa ng Pagbaha -- Form para sa Paghiling ng Pagrerepaso sa Parsela o kontakin ang (415) 695-7326 o ang [rainreadysf@sfwater.org](mailto:rainreadysf@sfwater.org).

### **May iba pa ba kayong tayong?**

Kung may iba pa kayong tanong, pakikontak kami sa (415) 695-7326 o [rainreadysf@sfwater.org](mailto:rainreadysf@sfwater.org). Kung kailangan ninyo ng tulong sa Espanyol, Tsino, o Filipino, pakitawagan ang (415) 554-3289.